

# MEASLES

Huwag hayaang magkasakit nito ang iyong anak  
 – pabakunahan sila laban sa MMR (Measles, Mumps, Rubella)

- Nababalita na naman ang tigdas. Nagkaroon ng ilang malulubhang paglaganap sa Wales at England at dumadami ang bilang ng mga batang nagkakaroon ng tigdas.
- Ang tigdas ay maaaring maging isang napakalubhang sakit, na nagdudulot ng mga impeksyon sa tainga at dibdib, mga pag-atake, pagdudumi, at pinsala sa utak. Nakamamatay ang tigdas.
- Kung hindi pa nabakunahan laban sa MMR ang iyong anak, siya ay nasa panganib na magkaroon ng tigdas.
- Dalawang dosis ng bakuna laban sa MMR ang kinakailangan para makuha ang pinakamahusay na proteksyon.
- Kung oras na para mabakunahan ang iyong anak ng dalawang dosis ng MMR ngunit hindi pa siya nababakunahan, anumang edad sila, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong GP (General Practitioner/ Doktor) para mapabakunahan sila sa lalong madaling panahon.\*
- Kung hindi mo matandaan kung ang iyong anak ay nagkaroon ng anuman, isa o dalawang dosis ng bakuna laban sa MMR, tingnan ang kanyang personal na record pangkalusugan (ang Pulang Libro). Kung hindi ito nakatulong, makipag-usap sa iyong GP.
- Kung hindi mo alam kung ilang dosis ang natanggap na ng iyong anak, mas maiging magkaroon ng dalawang dosis ng bakuna laban sa MMR ngayon kaysa isapalaran mo silang hindi protektado.

\*Bilang tugon sa isang lokal na paglaganap, ang dalawang dosis ay maaaring ibigay nang isang buwan ang pagitan mula sa edad na 18 buwan.

# Mga sagot sa ilang karaniwang katanungan tungkol sa tigdas at bakuna laban sa MMR

## Bakit tayo nakakakita ng mga paglaganap na ito ng tigdas?

Ang tigdas ay isang labis na nakakahawang sakit, na kumakalat nang mabilis sa bawat tao, lalo na sa mga paaralan. Mahahawahan ng isang batang may tigdas ang lahat ng hindi protektadong bata na makasalamuha nito. Mula noong katapusan ng 2017, nagkaroon ng pagtaas ng bilang ng may tigdas sa buong mundo na nakaapekto sa UK. Ito ay nagresulta sa ilang paglaganap sa mas malawak na mga komunidad, partikular sa mga grupong hindi nabakunahan.

## Kailan kadalasang ibinibigay ang mga pagbabakuna laban sa MMR?

Ang pinakamainam na panahon ay mula sa edad na 12 hanggang 13 buwan at ulit sa tatlong taon at apat na buwan, isang dosis sa bawat beses. Ngunit, kung hindi nabakunahan noon ang iyong anak, maaari silang mabakunahan sa anumang edad ng dalawang dosis na may pagitan ng isang buwan.

## Mayroon bang anumang mga side effect sa pagpapabakuna?

Maaaring magkaroon ng mga sintomas ng tigdas, beke at rubella ang iyong anak nang hanggang anim na linggo pagkatapos ng pagpapabakuna ngunit sa isang napakabanayad na uri. Pinapatunayan nito na gumagana ang bakuna at ang iyong anak ay bumubuo ng resistensya sa hinaharap na kontak sa mga virus na nagdudulot ng tatlong sakit na ito. Hindi lahat ng bata ay nagpapakita ng mga sintomas na ito ngunit hindi ibig sabihin nito na hindi gumagana ang bakuna.

## Dapat bang magpabakuna ang mga magulang laban sa tigdas sa mga lugar kung saan nagkaroon ng paglaganap?

Tulad ng maraming mga sakit, sa sandaling nagkaroon ka ng tigdas, hindi ka na makakakuha ulit nito dahil ikaw ay nagbuo na ng isang natural na resistensya laban dito. Kaya, kung ikaw ay nagkaroon ng tigdas o dalawang dosis ng bakuna laban sa MMR, hindi mo na kailangang magpabakuna ngayon.

---

Para sa higit na impormasyon tungkol sa tigdas at MMR, pumunta sa [www.nhs.uk/conditions/measles/](http://www.nhs.uk/conditions/measles/)